**Paunawa ng Pampuhlikong Pagdinig at**
**Kahandaan para sa Pagsusuri ng Publiko**
**Aprubahan ang mga Paglalaan ng Community Development Block Grant (CDBG)**
**upang Pagtibayin ang Taunang Planong Aksyon para sa Taon ng Pananalapi 2024-25**

**Pampublikong Pagdinig #2.**

**ANG PAUNAWA AY IBINIBIGAY SA PAMAMAGITAN NITO** na ang Konseho ng Lungsod ng Milpitas ay magsasagawa ng isang pampublikong pagdinig sa regular na puong ng Konseho ng Lungsod nang personal sa Kamara ng Konseho ng Lungsod sa City Hall, matatagpunan sa 455 E. Calaveras Blvd., Milpitas sa **Martes, Hunyo 18, 2024,** simula sa o agad pagkaraan ng 7:00 p.m. Ito ay ang ikalawa ng dalawang Pampublikong Pagdinig para sa PINAL na bersiyon ng Taunang Planong Aksyon ng 2024-2025. Ang layunin ng Pampublikong Pagdinig ay magkaloob ng isang huling pagkakataon para sa komento ng publiko sa Taunang Planong Aksyon ng 2024-2025. Ang BURADOR na Taunang Planong Aksyon ng 2024-2025 ay makukuha para sa pagsusuri nang personal sa front desk sa City Hall at online para sa pagsusuri ng publiko sa: https://www.milpitas.gov/475/Federal-Program-Community-Development-Bl

**30-araw na Panahon ng Pagsusuri ng Publiko.**

Ang Paunawa ay ibinibigay sa pamamagitan nito na ang iniaatas-ng-HUD na 30-araw na Panahon ng Pagsusuri ng Publiko ng BURADOR na bersiyon ng Taunang Planong Aksyon ng 2024-2025 ay magsisimula sa Mayo 17, 2024, at matatapos sa Hunyo 17, 2024. Ang BURADOR na bersiyon ng Taunang Planong Aksyon ng 2024-2025 ay makukuha para sa pagsusuri at bukas sa publiko.

**ANG MGA INTERESADONG TAO AY MAAARING** magbigay ng mga komento ng publiko sa panahon ng pampublikong pagdinig nang personal sa pamamagitan ng pagsunod sa mga tagubilin na nakalista sa adyenda ng pulong ng Konseho ng Lungsod o magsumite ng mga nakasulat na komento bago ang pagdinig sa pamamagitan ng pag-email sa Klerk ng Lungsod sa CityClerk@milpitas.gov. Ang mga nakasulat na komento ay hindi babasahin sa panahon ng pulong. Ang mga nakasulat na komento ay digital na ipamamahagi sa Konseho ng Lungsod at magiging bahagi ng pampublikong rekord ng pulong na ito.

Alinsunod sa Batas sa mga Amerikanong May Kapansanan, ang Lungsod ng Milpitas ay gagawa ng mga makatwirang pagsisikap upang bigyan ng kaluwagan ang mga taong may

kapansanan. Kung ikaw ay nangangailangan ng espesyal na kaluwagan, mangyaring kontakin ang Housing Team sa (408) 586-3222, housing@milpitas.gov

Suzanne Guzzetta
Klerk ng Lungsod
Petsa ng Publikasyon: Mayo 17, 2024